



Republic of the Philippines
Province of Oriental Mindoro
MUNICIPALITY OF ROXAS

OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG IKA – 107 REGULAR NA PAGPUPULONG NG IKA – 11
SANGGUNIANG BAYAN NG ROXAS, ORIENTAL MINDORO NA GINANAP NOONG AGOSTO
27, 2024, IKA – 1:00 NG HAPON SA BULWAGANG PULUNGAN NG SANGGUNIANG BAYAN

Mga Dumalo:

Municipal Vice Mayor Jerwin S. Dimapilis	- Tagapangulo
Konsehal Robert S. Quiatchon	- Miyembro
Konsehal John John S. Yason	- Miyembro
Konsehal Lucille T. Bacay	- Miyembro
Konsehal King Philip B. Dimapilis	- Miyembro
Konsehal Robert A. Baticos	- Miyembro
Konsehal Veil Charlleo B. Cusi	- Miyembro
Konsehal Marietta R. Pajila	- Miyembro
Konsehal Hermis S. Catapang	- Pangulo, Liga ng Barangay
Konsehal Sheikinah Grace C. Sanz	- Pangulo, MSKF

Hindi Nakadalo:

Konsehal Juan Rafael M. Talens	- Miyembro
--------------------------------	------------

KAPASYAHAN BLG. 566

Taong 2024

KAPASYAHANG NAGPAPAABOT NG TAUSPUSONG
PAKIKIRAMAY AT PAKIKIDALAMHATI SA MGA NAULILA NG
YUMAONG NAGING KAWANI NG PAMAHALAANG BAYAN NG
ROXAS, ORIENTAL MINDORO, GNG. ELIZABETH G. BANAWA

SAPAGKAT, si Gng. Elizabeth G. Banawa ay pumanaw noong Agosto 24, 2024 sa edad na
pitumpu't isang taong gulang;

SAPAGKAT, siya ay nagsilbi bilang Kalihim ng Punong Bayan sa Pamahalaang Bayan ng Roxas,
Oriental Mindoro mula 2019 hanggang Agosto 24, 2024;


SAPAGKAT, si Gng. Banawa ay hindi lamang naging mabuting kawani kundi isa ring ulirang
guro at punong-guro at naipamalas niya ang matapat, buong dedikasyon at dalisay
na paglilingkod sa mga tungkuling kanyang ginampanan;

SAPAGKAT, sa panahong itinigil niya sa daigdig na ito, sinikap niyang makatulong sa kanyang
kapwa, naging responsableng ina sa kanyang mga anak at mapagmahal na kapatid
at kaibigan;

SAPAGKAT, ang Sangguniang Bayan ng Roxas, sampu ng mga namumuno at mga kawani ng
pamahalaang bayan ay lubos na nakikiramay sa mga naulila ng dating kawani ng
Pamahalaang Bayan ng Roxas, Oriental Mindoro, Gng. Elizabeth G. Banawa.

DAHIL DITO, sa mungkahi ni Kgg. Marietta R. Pajila at sa nagkakaisang mungkahi ng lahat –

IPINASYA, tulad ng pagpapasyang ito na ipaabot sa pamilya ng yumaong dating kawani ng
Pamahalaang Bayan ng Roxas, Oriental Mindoro, Gng. Elizabeth G. Banawa, ang


JERWIN S. DIMAPILIS


MARIA MAHARLIKA M. FABIC

tauspusong pakikiramay at pakikidalamhati ng Sangguniang Bayan, at ng mga namumuno at kawani ng pamahalaang bayan ng bayang ito.

IPINASYA RIN, na ipadala ang sipi ng kapasyahang ito sa pamilya at mga kaanak ng yumaong Gng. Elizabeth G. Banawa lakip ang tauspusong pakikiramay.

Pinagtibay: 27 Agosto 2024

PINATUTUNAYANG WASTO:


MARIA MAHARLIKA M. FABIC
Pansamantalang Kalihim ng Sangguniang Bayan

PINAGTIBAY:


JERWIN S. DIMAPILIS
Tagapangulo

